# INTERNATIONAL NAPASA ( August 5 2025 )

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG HUNYO SA LOOB NG SIYUDAD

6月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Hunyo ay nagkaroon ng kabuuang 32 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho na may 6 kaso at 2 kaso sa Amanuma at Miyamatsucho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 3 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo sa Miyanomae, Kataoka at Tamura. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)UKOL SAPAGBUBUKAS NG SHONAN BELLMARE HIRATSUKA BEACH

「湘南ベルマーレひらつかビーチ」オープンのお知らせ

Ang ***SHONAN BELLMARE HIRATSUKA BEACH*** ay magbubukas mula sa July 19 (Saturday) hanggang sa August 31 (Sunday) . Ang oras ay mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Sa panahong ito ay magbubukas rin ang pansamantalang paradahan ng mga sasakyan. Ang Saturday, Sunday, Special Holiday at mula August 12 hanggang 15 ang oras ay mula 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon. Kung may katanungan ay tumawag sa ***BEACH PARK.*** Telephone Number **0463-23-4781 (0463-23-4781)**.

## 3)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa August 10 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG SEPTEYEMBRE

9月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***TAICHI EXERCISE, YOGA, ZUMBA DANCE, AQUABICS*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City.

Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa August 15 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.